

KAPAG MAY WILDFIRE – PROTEKTAHAN ANG SARILI

**KUNG MAY MAAAMOY NA USOK O MAKIKITANG ABO DAHIL SA WILDFIRE,
NARITO ANG MGA PARAAN UPANG MALIMITAHAN ANG PAGKALANTAD DITO:**



Manatili sa loob ng gusali nang nakasara ang mga bintana at pinto o maghanap ng ibang matutuluyan.

Iwasang gumamit ng bentilador na pambuong bahay o swamp cooler na humihigop ng hangin mula sa labas.



Iwasan ang matitinding pisikal na aktibidad.



Kung kailangan mong lumabas sa mauusok na kondisyon, bilisan lang ito, at gumamit ng disposable mask (N-95 o P-100).



**KAPAG
MAY
WILDFIRE**



Paganahin ang A/C kung mayroon nito, palitan nang madalas ang filter (MERV 13 +), o gumamit ng portable na HEPA purifier.



Iwasang gumamit ng kasangkapang nagsusunog ng kahoy sa loob o sa labas, kasama na rito ang fireplace, at pinagmumulan ng apoy tulad ng kandila at insenso.

Ang usok mula sa wildfire ay puwedeng magdulot ng masamang kalidad ng hangin sa mga lugar na milya-milya ang layo mula sa apoy. Mabilis na nagbabago ang mga kondisyon ng usok, kaya alamin ang kalidad ng hangin gamit ang South Coast AQMD app o sa ating interactive na mapa sa AQMD.gov. Ang mga nakatatanda, maliliit na bata, babaeng buntis, at mga taong may sakit sa puso o бага (gaya ng hika) ay maaaring lalo nang maselan sa mga panganib sa kalusugan na hatid ng usok mula sa wildfire.

